


Ano ang Pap test?

Makikita ng Pap test ang mga abnormal na pagbabago sa bungad ng matris. Maiiwasan ang cancer sa cervix kung maaagapan ang paggamot sa mga abnormal na pagbabago. Ang Pap test ay libre.



Ano ang cervix?

Ang cervix ay bungad ng matris (bahay-bata). Sa cervix dumadaan ang mga sanggol sa kanilang pagsilang.



Ano ang dahilan ng mga abnormal na pagbabago?

Ang Human Papillomavirus, o HPV, ay isang malaganap na impeksyong seksuwal na nagiging sanhi ng mga abnormal na pagbabago sa cervix. Minsan ang mga abnormal na pagbabago ay maaaring magdulot ng cancer. Natutunton ng Pap test ang mga abnormal na pagbabago bago sila maging cancer.

Kailangan ko ba ng Pap tests?

Lahat ng babae na nagkaroon na ng karanasang makipagtalik (pakikipag-sex at paghipo) ay dapat gawing regular ang pagpapa-Pap test.

Gaano dapat kadalas ang aking Pap test?

Dapat mong simulan ang pagkakaroon ng Pap test sa edad na 21 taong gulang at patuloy tuwing ika-3 taon hanggang sa edad na 69 taong gulang.

Ano ang HPV vaccine (bakuna)?

Ang HPV vaccine ay proteksyon laban sa ilang uri ng HPV na nagiging sanhi ng cancer. Ang bakuna ay hindi panglunas kung mayroon nang impeksyon ng HPV. Kahit may bakuna ka na, kailangan mo pa rin ng regular na Pap test.

Saan ako maaaring magpa-Pap test?

Tanungin ang iyong doktor o nars, health centre, obisitahin ang aming website GetCheckedManitoba.ca.

Karamihan sa cervical cancer ay maiiwasan kung ang mga babae ay regular ang pagpapa-Pap test na may karagdagang pagsusuri sa nakitang abnormalidad.

Para sa karagdagang impormasyon, kontakin:

CervixCheck, CancerCare Manitoba

#5-25 Sherbrook Street

Winnipeg, Manitoba R3C 2B1

Telepono: 204-788-8626

Toll Free: 1-855-952-4325

CervixCheck@cancercare.mb.ca

GetCheckedManitoba.ca